Concordia JOINT REPLACEMENT GROUP

# Tama ba para sa akin ang hip o knee replacement surgery?

Bukod sa operasyon ng tuhod (joint replacemnt surgery) may mga lunas (nonoperative) na nakakatulong sa ganitong kapansanan at kabilang dito ang pagpabababa ng timbang kung ito'y labis, ehersisyo (exercise), physical therapy at tulong sa paglalakad tulad ng tungkod (cane) o tukod (brace) at mga gamot na laban sa pamamaga (anti-inflammatory) tulad ng Tylenol, Advil, Celebrex at iniksyon (injection, needle) sa tuhod o bahagi ng iniindang kapansanan. Matapos gawin ang iminumungkahing ito at wala naman pagbabago sa nararamdamang sakit ng tuhod/ balakang at paninigas ng mga bahaging naturan na gumagambala at pumipigil sa mga bagay na nais gawin na walang balakid (obstacle), makakabuti na rin na isaalang-alang ang lunas ng joint replacement surgery.

Ang hip at knee replacement surgery ay isang operasyon o paghiwa sa ibabaw ng kasukasuan o buko (knuckle) upang alisin ang may pinsalang tissue o fiber at palitan dito ng metal at plastic upang tuluyang mawala ang sakit na nararamdaman sanhi ng kiskisan (friction) at pamamaga ng may pinsalang tissues. Ang joint replacement surgery ay isang mahabang proceso ng paghahanda at kinakailangan ito ng pasyente sa kanyang agarang paggaling matapos ang operasyon. Iniingatan din na maiwasan ang komplikasyon na kaugnay ng isasagawang operasyon. Masugid na binabantayan na maiwasan ang impeksyon (infection). Ngunit ang komplikasyon ay isang bagay na hindi inaasahan sa isang matagumpay na operasyon. May mga kadahilanan kung bakit nangyayari ito. Kabilang dito ang sumusunod: pangangailangan ng karagdagang operasyon, anti biotic, niyerbos ng pasyante na nagdudulot ng pamamanhid at kahinaan ng mga paa at kasama na dito ang atake sa puso o stroke sa mga taong may coronary artery disease at problema sa paghinga na karaniwan sa may edad na tao.

Nasa sa iyo desisyon kung sa inaakala mo na ang mga benipisyo ng joint replacement surgery ay magdudulot ng mas malaking kaginhawahan maliban sa isang pagsisikap na hindi kinakailangan ang operasyon at maiwasan ang mga komplikasyon na dulot ng isang maselang operasyon.

______________________________X______________________________________

Pangalan ng Pasyente (sa itaas) Lagda Petsa

______________________________X______________________________________

Pangalan ng Saksi (sa itaas) Lagda Petsa

Bersyon 18 Agosto 2025